

AUG 20 1957

Magasin ng **BAGONG** *Rubang*

Agosto 18, 1957





SI QUEZON, AT ANG PAGHIHIMAGSIK SA BATAAN

ni Marcelo S. Quiroz

Ang Yumaong Pangulong Quezon Ay Di Lamang

ANG YUMAONG Pangulong Quezon ay kinilala ng kanyang bayan bilang isang dakilang estadista at Lider ng kanyang bansa. Mangilan-ngilang lamang kapala ang nakababaitid na ang Pangulong Quezon ay kinilala ring isang magiting na mandirigma at manghihimagsik noong panahon ng Kastila at maging noong mga unang araw ng pananakop ng hukbong Amerikano sa ating bansa. Ang lalawigan ng Bataan ay siyang saksi sa mga kabayanihan at kagitingan ni Quezon sa kanyang pakikidigma sa mga bansang mananakop.

Ayon kay Sotero Roman, naging punong-bayan sa Pilar, Bataan at isa sa mga nabuhay pang rebulusyong Pilipino, ay lubhang makasaysayan ang mga pakikipaglaban ni Quezon dahil sa kalinayan ng kanyang bayan. Hindi pa naililimot ni G. Roman ang mga pangyayari. Taong 1898 nang si Quezon ay lumunsad sa bayan ng Udyong. Bataan na lulan ng isang maliit na bangka matapos bagtasin ang Look ng Maynila.

Nagtungo si Quezon sa Bataan bilang pagtupad sa isang mahalagang misyon — upang nagtatag ng mga himpiling militar sa mahalagang pook

sa Bataan at ihanda ang paghihimagsik doon ng mga Pilipino laban sa pamahalaang Kastila.

Isa sa mga unang pinakipagkitaan ni Quezon nang dumating sa Bataan ang yumaong Isidro Pagulo, kilala sa tsiyuring Kabitsang Dorong Pantatang, at bayan ni Sotero Roman. Kung ano ang pinag-usapan ng dalawa ay walang tiyak na nakababaitid. Ngunit hindi nagtagal, ang pangkat ng mga manghihimagsik na pinamumunuan ni Quezon (Kumandante Quezon noon), kasama ang iba pang pangkat buhat sa iba-ibang Layan sa Bataan, ay sabay-sabay na sumalakay sa mga himpiling militar ng hukbong Kastila sa buong lalawigan.

Naging matagumpay ang pagsalakay na iyon ng mga rebulusyong Pilipino at nagawang ang mahalagang himpiling militar ng Kastila. Ang napaurong na mga kawal-kastila ay nagsikipangubi sa mga simbahan at kumbento, at dito nila itinatag ang watawat na puti lantad ng kanilang walang pasubaling pagsuko sa mga manghihimagsik.

Naging marahas noon ang lobanan sa maraming pook ng lalawigan, ngunit ganap na natagumpay ang mga rebo-

lusyong. Maraming kawal-kastila ang napatay at ang mga nagsisuko ay binihag bilang mga bilango ng digma.

Ayon kay G. Roman, nang ang kapangyarihan ng pamahalaang Kastila ng Kapuluan ay mapalilan ng mga manghihimagsik ay pumasok na man sa ating bansa ang hukbong-dagat ng Estados Unidos sa pamumuno ni Almirante Dewey. Ang bahagi ng hukbong amerikano na lumunsad sa Bataan ay dumapas ng matinding dagok sa isang mahigpitang pakikipagsagupaan sa mga rebulusyong Pilipino. Nalagasan nang marami ang mga Amerikano, kaya gumawa ng ibang hukbong at nagtatag ng tinatawag na "bo-luntaryos" na binubuo ng mga Pilipinong panig sa Amerika. Ito'y binigyan ng mahalagang saktong upang dakpat si Kumandante Quezon at ang iba pang Lider ng manghihimagsik sa Bataan na humahadang sa lakas ng bagong mananakop.

Alinunod kay G. Roman, ang hukbong Amerikano'y namudmod noon ng mga patalastas na nagsasabing sila'y dumating sa Pilipinas upang tulungan ang mga Pilipino na lubusang mahango sa malupit na pamahalaang Kas-

MAGASIN NG

Buhay

Lemelas luwag liog ng umaga ng kolektip ng pahirapang BAGONG BUHAY
Tanggapin: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila
Pamamantling limbag: PSP Press, Sampaloc Ave., Lunasod Quezon

Memamahalagat: EDDIE RAÑOLA

MERCEDES R. MACALALAG

PETE VENEZUELA

Pilar-Panahanan

Se Sining

OROSARIO R. FLORENCIO

BEN T. SANTOS

Kapagad at karulang sa Anunsyo

Patnaga

HALAGA NG SUSKRIYON:

Tatlong buwan... P3.00 Anim na buwan... P6.00

Isang taon... P12.00

Doble ang halaga kung ipapadala sa ibang bansa



Ang yunang Pangulong Quezon ay isang dakilang estadista at patnabay ng kangang bansa. Dito'y nakikitang kasama siya ng mga pinuno ng kanyang kamahalan nang ibinigay at ukulan ng paksa pang-ayal ang isang yunang kasama. Nasa dakong arapan si Donja Aurora A. Quezon.

Si Donya Paeta, kasama si Alkalde Del Rosario ng Bagac, samantalang nagmamaisid, sa paligid ng mga pangang mangang leang pinagpatarayan ng ilihim na pangang nina Quezon at ng mga kasamang mangang himagsik.

Sa ibang lalawigan ng Bataan ay sa harap lamang ng gusali ng pamahalaang-byang sa Bagac, makikita ang labatang ng Pangulong Quezon. Ang matandang nakalatawan ay si Donya Paeta Vda. de Gutierrez na siyang nagpatayo ng nasabing bantayog.



Estadista Kundi Isa Ring Magiting Na Mandirigma

tita at makapatayo ng bagong gobyernong malaya at demokratiko. Sobol't maraming manghimagsik ang ayaw maniwala at napatuloy ng pakikipaglaban.

Avon sa isang ulat ni Urbano Angeles, na lalong kilala sa tawag na Kabisang Banong ay kamuntik nang madapak ng mga "boluntaryos" si Kumandante Quezon sa baryo Wawa, Pilar, Bataan. Isang gab'y du-rasting sa Wawa ang isang pangkat ng sandatahang "boluntaryos" na binubuo ng may 100 katao. Ang pangkat ay nangakasakay sa mga bangka. Iindah sa Kapampangan upang dukpin si Quezon. Ang baryo ay kinubkob ng pangkat at igit-napas ang mga lalaking maghigiti na siniyas't ukol sa pinagpatarayan ng kanilang pakip. Sobol't dahil sa matatapat na taliba ng mga manghimagsik sa pangangasiwa ni Kabisang Banong ay nagawan ng parang malakas si Quezon. Kasama ang ilang tauhan ay lihim na nakalala si Quezon, bumagtas sa illog ng Masauje at nagtungo sa palaid-dan ni Sotero Roman samantalang naglibay ang buong baryo ng Wawa na sinilaban ng mga "boluntaryos".

Nang matatag ang gobyernomilitar ng Estados Unidos

sa Bataan ay nagsipamundok ang mga manghimagsik. Nagtungo si Quezon sa bayan ng Bagac at doon siya nakasama sa mga Katipuneros. Nagtayo silang mull room ng himpilang militar, alinsunod kay Donya Paeta Bataan Vda. de Gutierrez ng Bagac.

Ayon kay Donya Paeta, natalutong ang kanyang asawang si Don Marcelo Gutierrez, pinuno noon ng "Gobierno Fribunal" sa Bagac, kina-sundante Quezon at iba pang lider ng rebolusyon na ayaw kumilala sa gobyerno militar ng Amerika. Ang kanilang tahanan sa Bagac ay siyang ginamit ni Quezon na pangunahing himpilan ng mga Katipuneros. Iuhat noong tauho 1899 hanggang 1901.

Ayon pa rin kay Donya Paeta, ang mga Pilipinong manghimagsik sa Bataan sa pamu-rano ni Quezon at ng iba pang lider ng himagsikan ay nagsisignipawing "lakas" ng mga Pilipino ang nagbagsak sa kapangyarihang Kastila sa Filipinas at hindi ang hukbo ng Estados Unidos.

Dahil sa pamamagitan ni Kumandante Quezon sa isang ilig-ligan na kuta ng mga manghimagsik sa bundok ng Tila, Bagac, na ditoy's nagdasan sila ng matinding hirap at pagpa-

pakasakit; si Quezon ay nag-Pasakit ng malayra sa naratay sa bang. Sobal't sa tulong ng mga kasama at sa pag-alalaga sa kanya ng isang magandang dalagang may 17 taong gulang, si Ana Ricardo, ay nakiligtas sa kamatayan si Quezon at gumaling din sa awa ng Diyos. Sa pakikiusap ng dalagang iyon, ayon kay Donya Paeta, si Quezon ay nagtiyaga-gang umiinom ng pinaglagasan ng balat at ugat ng "deteri", isang punongkahoy na pinag-fukunan ng gamot sa "quin-na", at ito ang aapagaling sa kanyang karamdaman.

PAGKATAPOS ng mahalang panahong gab'i't araw na raapapakasakit, pagpapakahirap at pakikilabang isinabalit ng mga Pilipinong nagsipaghimagsik at namundok matubos lamang sa kaalipnan ang minamahal nilang bayan, ay nagwakas din ang makasaysayang pakikilaban ni Quezon sa ngalan ng Kalayaan. Sa pamamagitan ng pinkamatatas ng atos-militar ay natatasa si Kumandante Quezon na magtungo sa bayan ng Maribetes... at doon niya ginana ang pagsuko noong 1901, sa himpilang militar ng Estados Unidos sa isang pook na ngayon ay siyang liwasang bayang ng Maribetes, Bataan.

ANG PABALAT...

Si. Hn. Felicitas V. Palls ay isang dalagang matatag at karaniwan. Hali't kanya alinmang bagay, pinahalalagan niya ang sining ng taha-nan at ang mga bisayang inihahandog ng lupa. Tapos siya ng "bachelor of science in home technology" at kasalukuyang "research fellow" sa kaagawyan ng Joliosonka L.P. College of Agriculture, Los Baños, Laguna. Isa siyang ipanag-lakapuring anak nina G. at Gng. Venenito Palls.

(Larawang kuha ni Evaristo Nievera)

NAPATUNAYAN SA PANGGAGAMOT—NA ANG...

Bre-a-col^{na may} XYLOPOL

AY PINAKAMABILIS NA SUMUSUGPO SA UBO!

5 ulit na lalong mainam sa alinmang panlunas na inyong nagamit na.



1 Ligtas na pinupuka ang mga mikrobyo ng sakit na nagiging sahi ng halos lahat ng mga impeksyon sa daanan ng hininga.

Karakarakang nanunuti, ginagamot ang pinakamumuti at mahirap maabot ng mga "puwang" sa mga himaymay ng lalamunan.



3 May kahanga-hangang panloob na bisa na umabot sa kailaliman, dagling pinaluluwag-ang lubos na panikip sa daanan ng hininga.

May bisang nagpapaginhawa (pamawi ng kiro) sa mga nang-hahawing himaymay... tumulus nang madalian!



5 Mabilis na pinaluluwag ang makapal at nanikip na plemo... mabisang nilulunas ang mga bahaging natatapan ng plemo.


WALANG ALKOHOL NI OPIO MASARAP PA ANG LASA!

Bre-a-col^{na may} XYLOPOL

PARA SA UBO • NANAKIKIT NA LALAMUNAN



YCO cleans



as it waxes!

**NAGPAPAGANDA!
MATIPID!
PANTABOY NG INSEKTO!**

- ukol sa -
- KATAD
 - KAHoy
 - METAL



ELIZALDE PAINT & OIL FACTORY, INC.
378 Tandang, Manila Tel. 386 71



mael P. Manahan, ang panlaban ng Progressive Party of the Philippines sa pagkapangulo."

Garcia ang tagumpay ng mapipitng kandidato opisyal sa pagkasasador ng NP pagka "ubos-kaya ang aking tulong ra gagawin sa buong tiket ng NP."

"NAKAPAGPASIGLA kay Quirino sa pagtatatag ng sariling lapiang ang pakikipanangam sa kanyang marunong dating Liberal at naging delegadong sa pambansang kombensiyon ng Oposisyon sa Manila Hotel na nagsisikatawan sa iba't ibang lalawigan sa Luzon, Bisaya at Mindanao."

"TINIYAK ng Pangulong

"IPINAHAYAG ni Jose N. Nazareno, pambansang tagapangulo ng kalipunan, na sa araw-araw ay nadarama ang paglakas ng tiket Yulo-Macapagal." (Agosto 12)

Alin namang partido ang araw-araw ay tumalakas ang nerbiyos? —GRF.

"ITINURO sa mga imbestigador ng NBI ang mga ipinalalagay na utak sa katiwaling kaugnay ng pagkawala ng 953 supot ng sementong bahagi ng reparasyon ng Hapon, kasunod ng pagsasalaysay ng isang latsik kahapon." (Agosto 12)

Ang sinumang dayuhan (siyento porsiyentong intsik) na mapatunayang may kinalaman sa katiwaling ito sa reparasyon ay dapat lamang na ipadala naman, bilang "reparasyon" din, sa Pormosa.

LINGGO NG WIKA mulh noong ika-13 ng Agosto hanggang bukas, Agosto 19.

"ANG LAYUNIN ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika, alinsunod kay Direktor Aidana ng Kagawaran ng mga Palaralang Pambansa, ay upang gamitin ng buong bansa ang tagalog."

NAITO pa ang isang balita: "NUWEBA YORK, Agosto 12.—Inuhayag kahapon ng Rockefeller Foundation na naglaan ito ng \$684,400 upang gugulin sa pagpapaulan sa mga pamamaraan ng pagtuturo ng ingles upang maging itatutulongan wika sa kapuluang Pilipinas."

Kung ang \$684,400 ng Rockefeller Foundation ay sa pagpapaulan ng Wikang Pilipino paggamitin, maari pong matupad ang layunin nitang magiging pangalawang wika ng kapuluhan ang ingles. Sa kasahukyan ay ingles ang nagiging pangunang wika natin.

Kapsilyon ng isang larawan: "NALANSAG na sindikato ng pahuweteng — labing-anim katao ang dinakip kabagi ng ika-28 kompanya ng PC sa dalawang magkahalway na pananalakay na isinagawa sa mga pahuweteng sa Marikina."

Sino naman ang sa pangalawang pagkakatapon ay makadarapik, kung magkakaroon uli, ng pahuweteng sa Marikina? Nakadakip na rito ang NBI at ngayon ay ang PC. Ang pitagay naman ng Marikina?

"IKINABAHALA ng mataas na lider ng Lapiang Nasyonalista ang paglakas araw-araw ng kandidatura ni Ma-

ukol . . .
sa
pihikang
panlasa!

Tanduay

ang
pinakamabiling
may-uring
rum
sa Pilipinas.

TANDUAY DISTILLERY, INC.
388 Tandang, Manila

ELIZALDE & CO., INC.
Gen. Mariano

332,000 DOLAR PARA SA ISANG LARAWANG-GUHIT




Isang close-up ng obra-maestro ni Paul Gauguin na may titulo ng "Tahimik na Buhay".



Dahagang mga taong nakipagpacaran ng malalaking halagang umabot sa daan-daaning libang dolgar para sa larawang-guhit ni Gauguin.

ISANG larawang-guhit na pinamagatang "Nature Morte" (Tahimik na Buhay) ni Paul Gauguin, pintor na Pranses, ang lumikha ng kasaysayan sa pagkabalaga nito ng \$332,000. Isa sa mga manahalang koleksiyon ni Gng. Margaret Thompson Biddle ng Estados Unidos na ipinagbili sa isang subasta sa tanyag na Charpentier Art Gallery sa Paris, ang "Nature Morte" ay nabili ng isang nagngangalang Mr. B.P.G. ng bansang Gresya.




Ang mag-asawang unang na nabili ni "Nature Morte" sa Nalagang 332,000 dolgar.

ISA PANG

Goodrich Una!

Ang Pinakamalaking Molde Ng Retread Sa Daigdig
Sa Pagri-recap Ng Mga Gomang GIANT Earthmover!



Nag-iisang may ganitong uri sa buong Asia!

...sadyang may disenyo magagamit sa gano mang diametro ng riit ng goma ngayon na may alin mang tatak o sa mga goma ng kinabukasan

...NAGBIBIGAY NG BAGONG BUHAY sa mga gomang GIANT Earthmover sa pinakamalapad mang sukat, 18.00-24/25, 18.00-24/25, 21.00-24/25, 24.00-24/25 hanggang sa 37.5-33.

ngayo'y launde na sa pangangailangan sa treading ng mga serbisyo sa malalaking konstraksyon, pagmimina at pagtatila.

MAG-RECAP

na may



UNA SA KARANASAN. KASANGKAPAN. SERBISYO

GOODRICH INTERNATIONAL RUBBER COMPANY

FACTORY, MARKINA HEIGHTS

Dist. & Retailer in, Pan Am, Manila

PH 325-01

NAPAMAHAL ang yumaang Pangulong Ramon Magaysay sa sambayanang Pilipino, hindi lamang sa matatanda kundi maging sa mga bata, pagka't kinamalaan siya ng matapat na pakikitungo sa balana. Pinatunayan niya sa maraming pagkakatloan na ang kanyang pamamalasakit ay kapakanan ng mga mamamayan ay hindi bukod ng muskinn na layuhin panpulitiko, managa, ng mataos na hangarin sa pakikipagkapuwa.

Ang kagandahang-loob ni RM ay nadama ni Irene Aceder, 13, ng Kagayan de Oro, Kay Irene, bukod sa mabuting lider ng bansa ay isang kaibigan si RM, bagaman hindi niya nakita nang mukhaan.

Nabatid sa pakikipanayan ni Noli F. Olarte, sa unang "nakilala" ni Irene si RM

noong Marso, 1953 sa pagha hanap ng katawan ng mga bayani, kausap ng aralin sa ikatlong bayang ng mababang paaralan sa kolehiyo ng Lourdes.

Nakit si Irene sa larawan ni RM na natunguhan sa isang magasin, Nang tiyakin ng mga magulang na bayani at buhay si RM, iyon ay sinulat na ni Irene sa 197-B Manga Avenue, Sta. Mesa, Maynila.

Pagkarang ng isang linggo'y sinagot ni RM si Irene. Anang liham.

Natanggap ko ang napekaganda mo sulat noong Marso 2. Sa lahat ng natanggap, ko sa petsang Ite ay higit na nakaentig sa aking damdamin ang sulat mo sapagka't alam kong may ketapatan sa iyong kawalang-malay. Ang maliit na bata ay bihirang magkun-

waring kalulad ng matatanda. Masapansin mo, Irene, na ako'y buhay na buhay, pagka't kung hindi ay di ko masusu-let at matalagdaan ito. Marami ay sinabi sa Iyo ng iyong ama at Ima na noong ako'y Kaibin ng Tangulang Pambansa, nakagawa ako ng ilang mabuting bagay sa ating bayan. Ito ang dahilan marahil kung bakit nang tanungin mo ay hinass nila ako sa pedestal ng kabayanihan. Ngunit' sa ganang akin, hindi ko ipinalalagay na bayani ako. Ako'y isa lamang karanwang Pilipino — katulad ng iyong ama na nait makagawa ng pinakamabuti sa bansa.

Nasagot ko na, Irene, ang hinhiingi mo sa akin. Pinedalhin din kita ng larawan ko sa pagpapang-ayon'y madaling magiging magkalibigan.



6

Sa mga bukas ni Magaysay

BAYANI NG KABATAAN

ni CARLOS C. MARCELO



Masayang nakunan ng larawan ang Kampeon ng Mahihirap habang kausap ang isang magasaka nang minang dumalaw siya sa isa sa mga pamahayan ng Economic Development Corp ng Kagawaran ng Tangulang Pambansa.

Nilalagdaan ni RM ang ilang mahalagang kasulatan na may kasugyan sa kanyang palatuntunan sa pagpapaulat sa mga nayon sa kapuluan. Nangakamaisid ang ilang pinuno at tauhan ng pamahalaan.



Ang liham ni RM ay naisulat na ni Irene, ngunit' madalas pang paulit-ulit na binahasa. Maging ang larawang kalakip niyon ay pinaka-lingat niya bilang isang napakahalagang alala ng yumaang "Idolo ng Bayan."

Kaparis ni Irene, si Norma V. Morales ng Santa Cruz, Laguna ay nawalan ng kaibigan nang masawi si RM sa malaging na sakuna sa bundok ng Manunggal, Sebu noong Marso 17, 1957. At limang araw pagkarang ng pagbagsak ng aeroplanong Mt. Pinatubo'y inabayan ni Norma ng bulaklak ang pumot ni RM, kalakip ng isang liham—

Saan ka man naroon ay nais, kong malaman mo malabis akong nangungulita sa iyo. Pinakabiliy kita at naghihinanakit akong lubha kung bakit pa kita nakatagpo kung mawalay ka lamang sa akin pagkatapos. Hindi kita maliimot Laitan man, ang iyong pagkamagili, kagandahang-loob, at lahat nang mabuting bagay na ginawa mo sa Iyong bansa at mga kababayan. Talagang lahat akong natulungot; Pangulong Magaysay, Ilingatpan ko ang lahat ng atalang ibinigay at ipinadala mo sa akin upang kahit paano'y ikarapal kong nakilala kita nang higit sa ibang nagmamahal din sa iyo.

Sana'y malaman mong idadalangin ko ang iyong kaligayahan ngayon at kaillen man sa Langit. Legi mo sana akong masasaksi, ang iyong maliit na kaibigan sa Santa Cruz, Laguna, na natutungo magmahal sa iyo, umbig sa iyo, gumuhit sa iyo sa lahat ng pansalihan at magmalasakit sa iyong tagumpay, kapalaran at kailigayahan.

Alinsunod sa pagtatapat ni Vicente S. Zanoria, nakilala ni Norma si RM sa Pambansang Panayam Pamamahayan ng mataas na paaralan noong 1966 na idinaos sa Arullo High School sa Maynila. Si Norma'y isa sa mga kinata-

wan samangtagang panauhing pandatang namam si RM sa paghubukang ng panyam sa bulwagan ng Girl Scout sa Padre Faura.

Pagkatapos' ng pagtatalumpati ay nakikipagkamsay ang "Idolo ng Bayan" sa may 600 delegado; lumagda sa daangdaang autograph. Noon luma-pit sa kanya si Norma at pinahid ng panyollito ang mga butil ng pawis sa mukha. At iyon ay nakatawag ng pansin ni RM.

Ang gayong pagkakatoon ay isang magandang kapalaran kay Norma, pagka't naging sinulat ng pakikipagkabitang sa Iyong akong dakilang lider ng bansa.

Noong Setyembre 15, 1956 ay minsan pang nasakalihan sa Malolos, Bulakan ang kaibitan at kapagkababayan ni RM. Naging panauhing mananalumpat noon si RM, kasama ni Heneral Emilio Aguinaldo, sa paggunia sa ika-58 pagpapahayag ng kalayaan ng kukbong mapanghimasik ng Pilipinas.

Pagkabigkas ng talumpati ay hinandungan si RM ng merienda sa bahay niina Jose P. W. Tantoco. Gaya ng dating ugali, nalugod na binati ng "Kampeon ng Mahihirap" ang malaking pulutong ng mga taong nagbunyi sa kanya.

Ngunit' higit na nakatawag ng pansin ng madla ang paglipit ni RM sa isang lalaking namata-mata lamang na nakatawag sa may tarangkahan ng dakalayang pamilyang-bayan, waring nabihyang makilulob sa karamihan sa pakikipagkamsay at pagbati sa "Kampeon ng Mahihirap". Ang lalaki'y masayang kinamayan ni RM bago nagtuloy sa tahanan ng mga Tantoco.

Abala sa pakikipagbatian si RM nang lapitan siya ng isang batang babae at labot ang palatuntunan ng Araw at Malolol. Anang bata: "Pakipagkamsay mo raw po Ito."

Dadi-daling nilagdaan ng "Idolo ng Bayan" ang palatuntunan nang hindi sa litunong kung sino ang may-erit niyon.



Ayon din kay Gng. Miranda. Gating silira ang babay-paaralan sa kanilang purok. Noong Septiyembre, 1956 ay nagsanib ang Samahan ng mga Magulang at Guro at mga kapisayang sibiko sa pangangalap ng abuloy na pagpapataloy ng bagong gusali. Nang mabigo ang ganitong pagsisikap, ang suliranin ay idinulong ng mga mamamayan sa "Idolo ng Bayan". At noong Disyembre ay dalawang babay-paaralang prefabricated na may tigdalawang silid ang itinayo sa

purok na Iyon, sa loob lamang ng dalawang linggo, sa pamamagitan ng mga kawal ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas.

"Tatlong taon mula ngayon, sa pag-aaral ng anak ko'y malalaman niya ang buong kaisaysayan ng Pangulong Magsaysay at malabis niyang ikerarangal ang pangalang ibiniyog namin sa kanya. Kung robatid na lainuod ang pagpapataloy na dakilang lalaki, kapale'y magliskap al-

yang dumakila rin," ani Gng. Miranda. Ngunit lalong hayag na katunayan ng pagmamalasakit ni RM sa kapakanan ng kabataan ang Students' Consultative Council na tuwirang nasa ilalim ng pamamatuhabay ng Malakanyang sa pamumuno ni Abugado Debuque. Itinatag ito ni RM upang malutasan ang suliranin, ng mga estudyante sa bansa, upang lhande sa mabuting liderato sa darating na mga panahon. Dahil dito, ang kamatayan

ng "Idolo ng Bayan" ay iniluluha ng kabataang Pilipino. Mula nang ilapag sa palipang pangandagidag sa Maynila ang kanyang bangka; buhat sa Lunod ng Sebo hanggang sa mahatid sa buhing hantungan sa Libingan sa Hilaga, libulibong kabataan ang nakidalmhati, ang naglamay, ang naglulaka. Ngayon, ang kanyang libingan ay dinadalaraw pa rin ng kabataan, marahil, upang gunitain ang kanyang kasaysayang singkahulagan ng kadakilaan.

Tiyak na Paraan ng Kasiya-siyang Pamamahinga

Pagkatapos, nangangiti niyang linitigan ang bata at sinabi: "Lista ang batang ito." Hindi pa naitayuhan, binuhat ni RM ang bata at itinaas hapang nakamasid sina Pangu-long Luis Araneta ng Pambagay Jaycee, Senador Francisco Delgado, Senador Francisco Rodrigo, Terentye Koronel Felizardo Tanabe, punong parlalawigang ng Konstabulariya, at Jose Tantoco.

Noon lamang nalaman ni RM, sa pagtatapat ni Koronel Tanabe, na ang batang naging sugo ng isang mahiyang mamamayan, ay si Julia "Baby" Tantoco, anak ng mga Tantoco. Sa isang makiliking lathala'y ipinatapat namon ni Gng. Perpetua M. Miranda ng Penaranda, Nuweba Esiha ang "mahahalagang aksela" ng nalawan sa kanya ni RM. Unang no'y na sa ikatapat na baytang siya ng matas na paaralan nang lumihap ang kanyang ama kay RM at bumingi ng payo tungkol sa 220 buwis tuwing tatlong buwan sa hinahingi ng pamahalaang-bayan para sa kanilang maliit na tindahan at barberya.


Pagkararan ng isang linggo'y tumanggap sila ng sulat ng "Idolo ng Bayan" at ipinatastas na hindi sila dapat magbayad ng buwis, yamang nagkakahalaga lamang ng P30 ang kanilang tindahan. At noon, naipagpatuloy nila ang gayong henap-buhay at naligtas sa banta ng pananalat. Nang kandidato pa sa pagkakatangulsi sa RM, ang asawa ni Gng. Miranda ay umasinib sa Magsaysay, for President Movement. Waring nakini-kinita ang pagakyat ni RM sa kadakilaan, ang unang cupling niya ng Gng. Miranda, na isinilang noong Hulyo 14, 1953, ay pinangalanang Magsaysay.

"Ang aking anak ay naging popular," ani Gng. Miranda. "Binilak kong padalhan sa Agoslo ng larawan niya ang Pangulong Magsaysay, ngunit sa kasamaang-palad ay nasawi ito (si RM)."

Ang Serbesang San Miguel ay tunay na angkop sa di-pormal na pagtitipon ng magkakabitang — nagdaragdag ng kasiyahan sa ano mang okayon. Laging maglaan ng Serbesang San Miguel — malamig at nakahanda sa pagdudulot.

San Miguel Pale Pilsen

GAWA AT ISINABOTYA NG **San Miguel Brewery**



Ensaladang Hipon

Kilala sa tawag na *curried rock lobster salad* na binubuo ng hiniwa-hiwang hinalabanan; hipong may mayonesa at ginayut na sili't seleri. Pagsama-samalin naman ang kaunting mayonesa, maasin na krema (sour cream) at pulbos ng *curry* (curry powder) upang siyang maicinc sarsa. Pagkatapos ay ilagay sa isang platong nahaharayan ng kabiti na among luntiang zulay at saka palamutihan ng bilug-bilog na sili sa ibabaw (tingnan ang larawan).

mga pagkain natin

Naibigan Nila...





Bireley's CHOCOLATE DRINK



Mabuti sa inyo!

BIRELEY'S CALIFORNIA ORANGE INT., S.A.
2990 TAFT AVE. EXT., PASAY CITY TEL. 8-12-03

Lumpiyang Intsik

(Padala ni Glo Morales)

Mga sangkap:

- ½ kilong baboy (gingitng)
- ¼ kilong hipon (gingitng)
- ½ tasang kabute
- 1 litro: toyo
- panimta
- asin

Paraan ng pagluluto:

Ibabad ang kabute sa kaunting tulug nang ilang sandala. Hiwa-hiwan ang kabute at ang apulid. Paghalu-haluan ang hipon, baboy, apulid, kabute at saka isama ang pula ng itlog. Timplahan ng toyo, panimta at asin. Hati-hatin naman ang balat ng lumpiya.


Balutin ang laman at saka ipirito sa mantika.

SARSA:

- ½ tasang suka
- 6 na kutsarang asukal
- 1½ kutsarang arina
- 1 kutsarang asin
- 1 kutsarang toyo
- ½ tasang tulug

Paraan ng pagluluto:

Paghalu-haluan ang lahat ng mga sangkap. Isalang sa apoy (mahina lamang). Ilalutin upang hindi magbuob-buob. Kapag malapot na ang sarsa ay saka, banguin.



Sinuwan Na Baboy

(Padala ni Adelaida M. Santos)

Mga sangkap:

- ½ kilong baboy (tadyang)
- 1 hilaw na papaya (katamtamang laki)
- 3 butil na hawana (sinipit)
- kapirasong luya
- 1 sibuyas
- 1 kutsarang mantika
- patis
- panimta

Paraan ng pagluluto:

Hiwa-hiwan ang baboy at ang papaya nang mag kakasinlaki. Iisa sa mantika ang hawana, luya, sibuyas at patis. Isama ang baboy pagkatapos. Darlagan ng tatlong basong tubig. Hangarin ang tiluluto kung inaakalang into na ang papaya, hawana, lalabutin. Ibatin nang mainit.



Kayo at ang inyong Sanggol

Dr. Fa del Mundo
Inohin sa Tagalog
ni Perahom S. Apollera

(Karugtong)

Anu-anong mga Gatas ang Maaring ibigay sa mga Sanggol?

Ang maaring mga gatas na norkitika niyo sa mga botika o tindahan ay maaring magdulot sa inyo ng pag-aanlinangan. Ang iba ay mga pulbos at ang iba naman ay lusuw. Ang mga amunioy ay nakapagpapapa-singlang sa inyo kung alin ang tunay na mabuti. Halos lahat ng mga nakahandang ito ay buhat sa gatas ng baka. Upang malaman niyo ang ginawang paghahanda sa mga iba-ibang uri ng gatas, ang mga sumusunod ay mahalagang malaman:

1. Gatas sa lita. (Mga halimbawa: Beer Brand at Natural Milkmaid). Ito'y gatas ng baka na pasteurisada (pag-

papakulo sa 60 sa loob ng 30 nin) at inilagay kaagad sa lita. Ang mga gatas ng kambing ay inihahanda rin sa ganitong paraan.

2. Gatas na lusuw (Mga halimbawa: Carnation, Alpine, Dairy Gold, Pet Milk, atbp.) Gatas ng baka na pinksukulan o pasteurisada hanggang mawala ang kalahati ng tubig nito. Ito'y karaniwang paghahanda.

3. Gatas na Kondensada (Halimbawa: Milkmaid Condensed o Carnation Condensed). Ito'y gatas na eboradora na may 45% na asukal na idinagdag. Sa mga laiwang, ito ang lalong palasak na gamit sapagka't nagtatagal Zan- hit na wala sa palamigan. Para sa palaging pagpapasupo,

Ito'y hindi nararapat ibigay.

4. Pulbos na Buong Gatas (Halimbawa: Kimo) Ito'y walang halong gatas ng baka na pinatuyo sa pasingaw.

5. Gatas na pulbos na kaparis ng gatas ng ina (Halimbawa: SMA at Similac) Ito'y gatas ng baka na inilisan ng taba at pinalitan ng ibang uri ng tabang madaling matunaw. Dinagdagang din ng ilang bitamina.

6. Pulbos na gatas na kaparis ng gatas ng ina ngunit may dagdag na proteyna (Halimbawa: Biolac at Lactogen) Ang gatas ng baka ay dinagdag ng pampalugong ngunit nanatiling madaling tunawin.

7. Gatas na pulbos na may mataas na uri ng proteyna at kaunting taba (Halimbawa: Dryco, Alacta, Olac, Protein SMA, Powdered Protein Milk). Mahaga sa mga batang mahina ang katawan, nagkasakit ng kurso o mga sanggol na kulang sa buwan.

8. Pulbos na gatas na Asido (Halimbawa: Lactac Acid Milk, Eledon, Pelargon). Ito'y gatas ng baka na nilagyan ng asido at pirasingaw hanggang matuyo. Madaling tunawin sa tiyan ng sanggol at itinatagubilin sa mga mahina ang pantunaw.

9. Gatas buhat sa gulay (Halimbawa: Sobee, Soyalac, Mull-soy, Nutramigen Hypo-allergenic Milk, Almond Lact). Mga handang gatas na hindi bibhet sa hayop. Isang magpa-

lagang sangkap ay "soy beans". Ginagamit sa mga sanggol o matandang hindi kahiyang ang gatas ng baka.

Ano ang Ginagamit sa Pagpapalibaw ng Gatas?

Ang kinulot tubig ang siyang karaniwang panghalo sa gatas upang ito'y lumabaw, ngunit' ang sabaw ng alin-magang binutil na pagkain o sabaw ng bigas, barley at oatmeal, ay maari ring gamitin. Kung minsan ang dimatayang na tsa ay ginagamit din.

Inagrat lamang na ang pampalibaw ay malinis at walang mikrobyo.

Mga Tagubilin sa Pagpapasupo sa Bote:


Kung ang inyong anak ay pasusuhin sa bote, kailangang mag-uhog kayo ng ilang oras sa paghahanda ng kanyang mga kagamit. Kailangan ang mga bote at tsupon na huge-ang at pakatuan at pag-ingatun ang paghahalo ng mga

(Sundan sa pahina 26)

Bakit PIPILITIN ang inyong anak na uminum ng Laxante?



Ang Suwabeng Fletcher's CASTORIA'y Walang Matapang na Sangkap-Hindi Nakasira sa Maselang Tiyan ng mga Bata!



Kung ang inyong anak ay nanganailangan ng laksante, huwag sa pamamagitan ng pagbibigay ng matapang na laksanteng pangmatanda. Bigyan ng Fletcher's Castoria ang laksanteng niyari at inihalot para sa sanggol at batang may iba't-ibang gulang. **Walang cascara, walong ecote de kastor, walong asin at walong matapang na sangkap.**

Ang suwabeng Fletcher's Castoria ay nagkakaibang puwersa at mai-ayon ang tumpak na pagpapainom. At hindi lamang inyo, ito'y masarap ang lasa. Ang mga bata ay kusa itong ininom. Bumili ng isang bolyeta ngayon.

Chas. H. Fletcher
Ang Likas at Tunay na

CASTORIA




ANG TANGING PINAGKAKATWALANG LAXANTE MULA NUONG 1868

- Haya sa malilit na hayop ang inyong mga lanang damit sa pamamagitan ng paghahalo sa mga iyon sa diyaryo... Ikolang mabuti ang mga paligid at makikipita niyong ligtas sa mga butas ang inyong mga lana.
- Panatilihin: pantay-pantay ang laylayan ng inyong mga paldang tinabas nang pabilog (circular skirts) sa pamamagitan ng pagpapalantas niyon simula sa baywang papunta sa ibaba.
- Pakuian sa suka hanggang sa lumambot ang nanigas na pinsel upang manatili ang cating anyo.
- Huwag iguguhit nang pabato ang lapis na pangkilay upang hindi kayo mag-muslang matama. Ang mukli at pataas nang bahagyang mga guhit ay nakapagpapabata.
- Takpan ng telang vapor proof ang tinapay upang hindi manigas.
- Isang napakahalagang bagay ang apoy sa buhay subalit' isa rin namang bagay na lubha kung sumukma... kaya ang mga palito ng pospero ay huwag habayaag, raglaigun ng mga bata sapagka't sa sandaling inyo ay iikisika nila at magliyah, maaring pagsimulan ng sunog at mangahulagan ng pagkaubos ng lahat ng mga bagay na inyong ikinabubuhay.
- Masaring maalis ang kalasat ng kutsilyo kung isasaksak sa sibuyas. Patagalin na mga talong oras at tuka pakinungin.
- Mababersan ang ulat ng sabaw kung inyong huhulugan ng isang hiniwang patatas.
- Ang mantsa sa sedang damit ay madaling maalis kung kukuskusin ng pinainit na gawgaw... huwag laing kalilimutang lagyan ng blower ang ilalim ng mantsa.
- Timbanaan ang bagay na nakalagay sa bote (syrop o ano mang liquid), tandan ang bigat... hawacan ang timbang ng nais niyong dami... sa ganitong paraan, makatitay' kayong ang inyong kailangang dami ng syrop ang inyong makukuha.
- Huwag babalutin sa peryodiko ang yelo sapagka't lalong nakapagpapadali sa pagkatunaw.

Para sa Nagdadalangtao



Simula pa lamang sa bahagyang paglaki ng inyong tiyan hanggang sa sumapit ang inyong kabuwanan, ang ganitong vari ng *maternity dress* ay inyong magagamit. Hindi ninyo dapat paggambahan ang pagsikip sapagka't malaki ang natutulon ng mga pelegis sa likuran. Puting butones ang ikinabit sa harapan at likuran ng damit at puting tela rin ang ikinombinasyon sa leeg at manggas.



Mga Damit na Panlakad

Isang walang katapusang suliranin ng kababaihan ang kanilang mga kasuotan, kaya kami naman ay magpapatuloy sa pagtulon sa inyo sa pamamagitan ng paglalathala ng iba't ibang kayarian ng mga damit na mapapaprisan ninyo.

* Maaring ipanlabas o ipanloob ang mga blusang ito, bukod sa magagamit pa ninyo sa mataraming pagkakataon.




Kasama ni Dra. Ocampo ang kanyang mga anak at kabiyak sa seremonye itong kuba mong siya ay tanghalang Musa ng mga Nagpapagatapos sa Centro Escolar, noong Pebrero 1937. Mula sa kaliwa: Leticia, Ruben, Dra. Ocampo, Dr. Ocampo, Cynthia at Victor.

Parade ng Kababaihan

Dra. Amparo L. de Ocampo

**NAMUMUNGA
ANG PAGSISIKAP**

Pakikipanayam ni Ms. Salome Tonsay



Nang maging panauhin ni Dra. Ocampo sa kanyang himala ang ilang kinatawan ng malalaking kom-penyo-ophiko mula sa Alemanya may ilang taon na ang nakalilipas.

ANG kasandahan, katalinuhan kabaitan ay mga katangiang bihirang pagmamahin sa isang babae. Subalit sa katauhan ni Dra. Amparo L. de Ocampo, ang mga katangiang iyan ay ipinagkakatob sa kanyang kapalaran at napatunayan sa maraming pagkakatagong buwobo sa kasaysayan ng kanyang buhay.

Ang buhay ni Dra. Ocampo ay walang niwan sa isang kasaysayang hinabi ng panulat. Ito'y nagsisimula nang isilang siya sa isang "gratis" na "lid" sa Ospital Heneral may apatnapung taon na ang nakaraan. Ang ina niya'y isang Kabiteña samantalang ang kanyang ama ay Iaga-Maynila.

Nang matapos si Dra. Ocampo ng intermedya ay buo na sa kanyang isip na tatapusin

niya ang pagka-nurses, na siyang pangarap ng kanyang ina.

Subalit nang matapos siya sa mataas na paaralan noong 1933 sa Kalapan, Mindoro ay sumalungat sa kanyang bilig ang kanyang mga guro, sapagha't nang mga panahong iyon ay hinuturing ng marami na ang "nursing" ay isang mabuhang uri ng propesyon.

Ngunit hindi matanggap ng kanyang kalooban ang isang karerang pilit lamang sa kanya, kaya lumahok siya sa mga binigyan ng eksamen sa pagpapagkatapos sa isang "nursing". Sa 252 binigyan ng pagsusulit ay dalawala lamang ang nakapasa, at siya ang isa.

Napasok siya sa Ospital ng San Juan de Dios noong 1936. Dito ay nakakilawan siya ng

mga madre dahil sa kanyang kabaitan. Tumagal siya roon ng isang taon, ngunit maraming nabighani at nangbig sa kanya kaya kinailangan niyang rnapalipat. Dahil sa kanyang nais na sa Philippine General Hospital makapagpatos, iminungkahi niyang doon na siya mapalipat at sa tulong ng Madre Superyora ay nagbilang siya sa mga baguhan sa PGH noong taong 1937. Hindi ra niya pinanghinayangang irawalan man ng saksay ang isang taong ipinag-aral niya sa San Juan de Dios. Malaking legasy na para sa kanya ang pagkakalipat sa isang malaking institusyon na katulad ng PGH.

Samantalang nag-aral si Dra. de Ocampo sa PGH ay nagkaroon siya ng pagkaka-

taong maging isa sa mga nag-alaga sa yumaong Pangulong Quezon noong 1938.

Dahil sa angking kasandahan ni Dra. de Ocampo, noong Mayo 14, 1938 ay tinanghal siyang "Bb. PGH" sa pagdiriwang ng Pambansang Araw ng mga Ospital, na ayon sa yumaong Pangulong Quezon ay siya nang pinakamalaking pagtitipon sa kasaysayan ng Philippine General Hospital. Tinanghal din siya bilang "tam-pok na dilag" sa ilang ulit na pagkakatagong.

Noong 1955 ay nagkaroon ng pagtitipon sa PGH at siya ay nahirang na "Mutya ng Nayon" ng PGH Alumni Association.

Kamakailan lamang ay itinampok din siya sa "Golden Jubilee" ng Centro Escolar Unibersity bilang Musa ng mga nagpapagatapos sa pamantasan.

Si Dra. Ocampo ay siyang mayabuhay ni Dr. Gemiliano Ocampo, isang dalubhasa sa mga sakit sa mata, tayng at ilang, na nagdalubhasa sa John Hoskins Hospital sa Estados Unidos. Sa kasalukuyan ay Itepo sa Departamento

Dr. Ocampo ay minsang nagdaraan sa tapat ng kanilang nurses home. Dahil sa kanyang narining ukol kay Dr. Ocampo ay parang nangilag siya, at ginawa niya ang labat ng parang upang iwasan ito.

Ngunit ang guhit nga namangon paad ay hindi mazarang iwasan ng isang tao.

Ngunit rin, natirawan ni Dra. Ocampo ang pagtatagong nila ng iniwasang manggagamot sa isang pagtitipon sa ospital. Nikakilang si Dra. Ocampo noon sa mga nagpapagkatagong "folk dance" at dito siya kapansin ni Dr. Ocampo, pangangam sa gumawa ito ng parang magkakilala sila.

Ang labat ay wala sa loob ni Dra. Ocampo, ngunit ang alalala ng pagkakatagong iyon ay nanatiling sarawi sa isip ng manggagamot, hanggang sa ang dating pagiging malapito sa mga babae ay mawwi sa paghanga at pananabik sa bagong kakilala. Gumawa si Dra. Ocampo ng parang upang makapagpatos sa dormitoryo ng mga narang sa hangad na makita lamang si Dra. Ocampo. Para namang sinadya ng mga pangyayari ay nag-

ng mga sakit sa mata, tayng at ilong sa PGH. Propesor din siya sa Ophthalmology sa kolehiyo ng medicina sa Unibersidad ng Pilipinas, at Direktor ng De Ocampo Eye Hospital na ipinatay at pinamuhunan nilang mag-asawa.

Kung papaano nagkakilala sina Dr. at Dra. Ocampo na humanatong sa kanilang pagkataling-puso, ay binubuo ng magagandang pangyayari.

Bago pa lamang noon si Dra. Ocampo (Bb. Leaño na noon) sa PGH. Sa tuwi-tuwina ay narining niyang pinag-uustapan ng kanyang mga kapuwa narses ang ukol sa isang Dr. Ocampo na balita sa pagiging "malap" sa kababalat. Sa isang pagkakatagong ay natiruro sa kanya ito ng kanyang mga kasamahan nang si

karoon ng karandaman ni Dra. Ocampo, at malimit nang duradawal si Dr. Ocampo sa naysakit na nars.

Dumating pa rin ang maraming pagtitipon at sayawan sa ospital na siyang lalong naglapit sa damdamin ng dalawa. At nang tanghalang "Bb. PGH" si Dra. Ocampo noong Mayo 14, 1938 ay si Dr. Ocampo na ang kanyang nagiging konsorte, kasabay ng pagpapahayag nila sa madla ng kanilang balak na "paglagay sa tahimik". Nang sumapit ang Mayo 14, 1938 ay pagraghob ng kanilang mga puso sa harap ng dambana. Ngayon, sina Dr. at Dra. Ocampo, ay may apat nang anak. Ang panganyayari, itakli,

(Sundan sa pahina 27)

SABI NG NANAY KO, linggo raw ng wika buhat noong Agosto 13 hangang 19. Ilang araw nga ba sa isang linggo? A, siyanga pala... sabi noon ng tisser ko e, pito... pitong araw daw isang linggo.

Kung gano'n, pitong araw ang Linggo ng Wika. Natatandaan ko pa ang narinig ko noon sa radyo. Sa linggo rata sa iyon, may malansang isda. Pero, mamahalin daw nila ang wika dahil sa iyon e... nakalimutan ko na. Basta, iyon daw e mamahalin nila.

Siguro, ayaw nilang masabing malansang isda sila. Iyon daw ang sabi ni Jose Rizal... pag hindi raw nagmahal sa wika, sila ay malansang isda. Pero, malansang isda? Bakit malansa? Siguro, kaparis ng isda pag malansa, sila ay hindi gusto.

Ang hirap lang nito e hindi yata naman nagiging isda ang tao kahit hindi nagmahal sa wika. Bakit hindi pa gano'n ang sinabi ni Rizal?

Hindi bale, Pag laki ko, malalaman ko rin ang kahulugan niyan. Ituturo na iyan sa amin. Marunong daw ang tisser sa hay iskul. At saka pag hay iskul na ako, marami na rin akong malalaman.

Kaya lang, pag marami na akong nalalaman e bukas maparis ako sa kapatid kong babae. Salita nang salita. Hindi ko naman maintindihan. Ano nga ba ang usapan nila ng kaklase niya? Tila... Inggles.

Teka. Inggles din ang madalas kong naririnig sa radyo a. Panay inggles ang usapan. Kasi raw, marunong sa sila. Pero pag narinig ko na ako, ayoko rin ng inggles. Baka hindi ako maintindihan ng Nanay ko.

Pag nagsasalita ang ate ko ng inggles, tanong nang tanong ang Nanay ko. Kawawa naman siya. At saka yung mga kalala ko... pag nakakarinig ng inggles, nagkamot na ng ulo. Gays ko rin. Kasi, para kaming ipagbibili.

Bakit ba nauso pa ang inggles? Nakakausya. Para tuloy nababawasan ang mga Pilipino.

Siyanga pala, sa mga Kano nanggaling ang Inggles. Mabait naman sila. Tumulong sa mga Pilipino noong panahon ng haplos. Pero pag mauuso nang mauuso ang inggles, para rin kaming me arso. Sa mga Kano namau kaya, ay nagsasalita ng tagalog? Ang hirap pa nito, baka wala man lang Tagalog sa Kano!

Fazang ayoko na tuloy mag-aral pa. Baka maging maka-Kano ako. Makalimutan ko tuloy mag-salita ng Tagalog. At saka pag nakalimutan ko, lalong kawawa ang Nanay, ang Tatay at ang Ingkong. Hindi nila alam ang inggles.

Pero kailangan naman akong mag-aral. Gusto kong sumali sa mga programang... sa malalaking programa. Para daw makasali roon, kailangang marunong ka ng inggles.

Hindi na sana dapat kailangan ang inggles. Tuta, mga Pilipino rin ang makitingin. Bakit kaya hindi nila gawing tagalog ang mga programa?

Naku, oo nga pala, nagkaroon na ng programang tagalog sa iskuwelahan namin noong Agosto tres. Pero kung hindi kasama ang Agosto tres sa Linggo ng Wika, inggles din ang programa nila. Gred sika kasi sila, e. Marunong na sila kaya gustung-gusto na nilang mag-salita ng inggles.

Mabuti na lang, kahit tuwing linggo lang ng wika, mahal nila ang tagalog.

Nagbasa pa sila ng mga tula ni Balagtas. Maganda ang pagbasa ng mga gred siks ng tula. Isang linggo kasi nilang pipag-aralan iyon bago sila nagprograma. Nadinig ko nang minsang nagpapakratis sila. Kung hindi pa namamalo ang tisser nila, hindi sila makakabasa nang tuwid.

Di gaya noong minsan na magpakratis sila sa programang inggles? Ang dali-dali nilang natuto. "Yun nga palang mga nanood ng programa... usapan nang usapan. Sabi pa ng isa: 'Suya naman ako, tagalog pa ang drama...'"

Pagkatapos noon, nagtawanan sila. Hindi na sila nanood. Pero alam ko namang pag inggles na ang pinanonood nila, hindi sila nakaintindihan. Gaya rin sila ng mahilig sil sa pelikulang inggles. Panood nang panood ng inggles, pero ang kilos lang ang pinanonood. Kasi nga, hindi naman nila naintindihan ang mga Kano.

Gusto lang nilang masabing me nalalaman silang inggles. Pagsalitin mo naman, walaag sasabihin kundi "yes" lang nang "yes". Ano nga ba'ng ibig sabihin ng "yes"?

Siyanga pala. Pag sinabing yes ma'm, ibig sabihin e pumapayag sa sinasabi ng tisser. Kung gano'n, pag me nagabi ng "yes", payag na lang sila nang

payag. Bakit kaya gusto ng marami na sumunod-sunod sa mga Kano?

Maski sa mga diyaryo at libro, Kano pa rin ang gustung-gusto. Kaya tuloy ang mga diyaryong nagkakat e panay na inggles. At saka 'yung mga magasin' kahit saan ka pumunta, inggles ang nakalalinda. Sa bahay tuloy namin, ang nakakabasa lang ng diyaryo e ang mga kapatid kong hay iskul na. At pag bumili naman ang Tatay ko ng diyaryong tagalog, hindi na sila nagbabasa.

Minsan nga e kinagalitan sila ng Tatay ko. Sabi ng Tatay ko: "Bakit ayaw n'yong bumasa ng tagalog? Sagot naman ng mga kapatid ko: "Baka raw ho kalawangin ang mga inggles namin. Iyan ho ang turo ng mga teacher namin."

Nagitanong na naman ang Tatay ko: "Bakit, Amarkano ba ang tisser niyong?"

Sumagot nang "hindi" ang mga kapatid ko. Ang nangyari tuloy, napalo sila.

Siguro, may katwiran ang Tatay ko. Kasi nga naman, tagalog ang usapan namin sa babay. Baka natakot ang Tatay ko. Kung umasenog nga naman ang mga kapatid ko sa inggles at kinalawang ang kanilang tagalog, inggles-na ang magiging usapan nila.

Ayaw masabi ng Tatay ko na me mga anak siyang "kayumangging Kano". Iyan ang narinig kong sinasabi niya habang pinapalo ang mga kapatid ko. Nakinig sa payo ang mga kapatid ko. Isang araw lang. Pagkatapos, inggles na naman ang mga binabasa nila.

Pero noon uling Agosto tres, at saka hanggang ngayon, tagalog ang binabasa nila. Tagalog ang usapan nila. Magandang wika raw ang tagalog. Masarap daw bigkasin.

Naniniwala raw sila diyan dahil sa iyan ang sabi

"Sa mura kong isip..."

"Mahal Nilang Tagalog Tuwing Linggo Ng Wika"

Ni Mario Nieves

ng kanilang mga tisser. Iyan din ang dinabalita ng mga diyaryo.


Gaya ng mga kapatid ko, alam kong marami pang tao ang magasabing mahal nila ang tagalog. Maraming Pilipino.

Kasi, Linggo ng Wikang Pilipino. Maraming magmamahal sa tagalog hanggang bukas.

Bukas matatapos ang Linggo ng Wika. Sana hindi na natatapos ang Linggo ng Wika. Pag gano'n, magkaka-intindihan magkati ang mga Pilipino. Mawawalan ang problema sa pakikinig at pakikipag-usap ang aking Tatay, Nanay at Ingkong. Hindi na rin ako pipilitin ng tisser ko na bumasa ng Pepe e Pilar kahit hindi ko naintindihan.

Sana, lahat ng Pilipino e sanay na sanay sa tagalog. Pagkatapos, masari na silang mag-aral ng ibang salita.

Ang hirap nito e minsan lang sa isang taon kung magkaroon ng Linggo ng Wika... kaya pitong araw lang sa isang taon kung maging popular ang tagalog... sa mga Pilipino. (X)



"ITO ANG AKING AKDA"

•• KABATAAN: Ipadala sa pila na ito ang "umang buong ng larang" mo...
 •• chengon. Kung "mooni" sia lamang ay liyak ng maulat-bale. Ang larangpangang pot-bawa sa bawel' maulat-bale ay maulat-bale ng may-akda ang pagpapalitan ng "Bagoon Buhay", Gussaling Times, Florentino Torres, Maynila.

Tandaan: buong kahulugan sa kolektib (i) at buong mang-biligt sa isang kolektib (ii) ng larangpangang pot-makiliya ang babo ng buong-akda, at malinilyado sa dalawang potliya (double akda). Mooni ring sulat-komar, kat-lapusan! malinilyado ang potliya-kolektib at may makili, lakina potliya (spec).

